

Paglalakad at Pag-unawa sa Session in Bloom

IVAN EMIL LABAYNE

UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN

ABSTRAK

Babasahin ng papel na ito ang Session in Bloom bilang isang kultural na kaganapan, partikular bilang manipestasyon ng kontemporaryong pamilihan at sintomas ng modernong urbanisasyon. Susuriin ang pagkakatugma o 'di-pagkakatugma ng lohikang gumagana sa Session in Bloom sa sa tabi ng magkakaibang ideya: ang carnival ni Mikhail Bakhtin at ang mga pagmumuni-muni ukol sa pamilihan-bilang-laberinto ni Walter Benjamin. Magmumula sa paghahambing ng Session in Bloom sa pamilihang kinagiliwan ni Benjamin ang pag-iibang anyo ng pamilihan sa takbo ng kasaysayan.

TUNGKOL SA AWTOR

Bahagi si Ivan Emil A. Labayne ng art collective na Pedantic Pedestrians. Bilang grupo, nag-lunsad aklat sila nang walang aklat, naglabas ng apat na zines online, isang Torture Manual, Ngayon ay Buwan ng Wika, This is a Working Zine at iba pa. Nagtapos siya ng BA at MA in Language and Literature sa UP Baguio. Makikita sa Daluyan Literary, Kritika Kultura, Transit, Entrada at Katipunan journals ang ilan sa kaniyang mga kritikal at malikhaing akda. Lumaki si Ivan sa Caloocan at kasalukuyang nakabase sa Baguio.

Susing salita: Panagbenga Festival, Session in Bloom, globalisasyon, konsumerismo, pamilihan

Taon-taon, hindi bababa sa isang milyong tao ang umaakyat ng Baguio para sa Panagbenga Festival. Nagtutulong-tulong ang samu't-saring diskurso at representasyon at kahit maliitang mga litanya – the parade of stars, the blooming of flowers, tikman ang strawberry ni Agnes galing La Presa at iba pa – upang buuin ang imahe ng Baguio at akitin ang mga potensyal na bisita nito. Kasama na sa kasaysayan ng pagbubuong ito ang Panagbenga, na 'di tulad ng mga lulubog-litaw na fad bunsod ng isang teleserye o pelikulang may bahaging ginawa sa Baguio – ang Forevermore o That Thing Called Tadhana halimbawa – ay may ritwalistikong katangian dahil taon-taong ginawa, 'tradisyon' na sa lungsod.

Ang pagbubuo ng imahe ng Baguio ay ginagabayan ng lohika ng turismo, na sa mas malawakan namang tanaw ay ginagabayan ng lohika ng pangangapital, pagkakamal ng kita. Sa isang bansang bihag ng kawalan ng sariling industriya, isa ang turismo sa mga ibinibida upang pasiglahin ang ekonomiya. Napapakinabangan ang saganang likas-yaman hindi sa pamamagitan ng produksyon ng pangangailangan ng mga mamamayan – sapagkat wala ngang sapat na makinarya upang gawin ito – kung hindi sa aestheticization nito at pagpa-package para sa turismo. May dalawang mahalagang epekto ang pagbabalandra ng “ganda” ng bansa. Nabanggit na ang pagkakapasok nito sa lohika ng turismo na ang pamamaraan ay kwesyonable sa maraming dahilan. Sa turismong gumagana, mahina ang pagtimbang sa ibang kapakanan tulad ng lagay ng kalikasan; madalas ay nasasakripisyo ito para sa motibong kumita, bigyang-kabuhayan ang mga komunidad. Ang isa pang epekto ay ang pagliko ng atensyon mula sa masasabing mas sustenableng pamamaraan ng paggamit sa mga likas na yaman. Aestheticization ang laro ng turismo at sa pagkakulong rito ng tanaw ay nabubura ang ibang posibilidad tulad halimbawa ng pagbuo ng sariling pambansang industriya. Ang pagkalimita ng mga likas na yaman, ng bawat bahagi ng bansa sa estetikong antas ay nangangahulugan rin nang pagkabura ng pang-ekonomikong potensyal upang magbigay-daan sa kultural nitong posibilidad.

Ganito rin ang gumagana sa Baguio, partikular sa Panagbenga. Ang estetiko o/at kultural na dimensyon nito ang ibinibida. Ngunit maski sa larangang ito ay may proseso ng paglabnaw. Patunay ito na, ang kultural na aspeto ay hindi awtomatikong pumapatungkol sa mas mababaw o mas malabnaw na pagtanaw kumpara sa pang-ekonomikong aspeto. Isa pa, ang mga aspektong ito – ekonomiko o kultural – ay hindi magkahiwalay at walang kaugnayan sa isa't-isa. Sa aspektong kultural na ibinabalandra sa Panagbenga, samu't-

saring obserbasyon at termino na ang nagawa upang bigyang-pansin ang epekto nito: bastardisasyon, komersyalisasyon o misrepresentasyon ng kultura ng Kordilyera.

May iisang ideyang sa tingin ko na umuugit sa tatlong prosesong ito ng bastardisasyon, komersyalisasyon at misrepresentasyon: ito ang ideya ng reipikasyon kung saan nabubura ang mga panlipunang relasyon na bumubuo at nagpapagana sa mga produkto – produktong nasa pamilihan man o kultural na produkto (kasama na ang mga likhang-sining).

Ang reipikasyon ay madalas na nauunawaan katabi ng paggana nito sa mga pang-ekonomikong produkto. Ngunit napunto na rin ni Fredric Jameson ang paggana nito sa mga likhang-sining: *“This is indeed the very meaning of the commodity as a form, to obliterate the signs of work on the product in order to make it easier for us to forget the class structure which is its organizational framework. It would indeed be surprising if such an occultation of work did not leave its mark upon artistic production as well, both in the form and in the content”* (1971, 407-408). Maaaring palawakin ang sinabi ni Jameson at isama sa aplikasyon ng reipikasyon ang mga kultural na produksyon tulad ng Panagbenga Festival.

Sa papel na ito, nais kong usisain ang partikular na bahagi ng Panagbenga – ang isang linggong Session in Bloom -- sa konteksto ng mas malalaking mga kaganapan na sa tingin ko ay mas makakapag-bigay linaw sa mga panlipunang relasyon at motibasyon ng gumagana rito at pinapagana nito. Layuning unawain ng papel na ito ang Panagbenga Festival bilang isang manipestasyon ng kontemporaryong anyo ng pamilihan. Pagsisimulan ng analisis ang mga posibleng relasyon ng Session in Bloom sa ideya ng carnival ni Mikhail Bakhtin: kung paanong ang mistulang pagkakahalintulad ng anyo ay napapawi sa magkaibang nilalaman ng dalawang entidad. Titingnan rin ng papel ang lumang pagkabighani ni Walter Benjamin sa naunang anyo ng pamilihan sa nakalipas na siglo. Sa paggawa nito ay layunin kong ipakita rin ang pagbabagong-anyo ng pamilihan at kung paano ito nakaugat sa mas malawakang pagbabago sa kaayusan ng lipunan. Panghuli, susubukang unawain ang Session in Bloom mula sa pananaw ng mga kumokonsumo rito – mahalagang linawin na ang pagkonsumong pinapatungkulan ay hindi lang ang pamimili sa mga produkto kung hindi ang pagbibigay-kahulugan sa kaganapan at karanasan. Hindi bibigyang-diin ang pag-iral ng konsumerismo kung hindi ang pagdanas at pag-intindi ng mga konsumer sa Session in Bloom.

Magsisimula tayo sa pag-konsidera sa Session in Bloom sa tabi ng ideya ng “carnival” ayon kay Mikhail Bakhtin. Mainam ito sapagkat magiging pokus rito ang pagkakaiba sa

nilalaman at layunin ng dalawang bagay na ikukumpara: ang mapaglarong panunuligsa na mahihinuha sa carnival at ang paglalaro sa merkado na pinapakita sa Session in Bloom.

SINO ANG NATATAWA/NATUTUWA: SESSION IN BLOOM BILANG CARNIVAL

Sa akda niyang "Rabelais and His World," sinalungguhitan ni Mikhail Bakhtin ang pagiging "unexplored" (1984, 4) ng "tradition of folk humor" (1984, 3) kung saan niya binabasang kabilang si Rabelais. Ang suspetsang dahilan ni Bakhtin kung bakit ganito ay mahihinuha sa sumusunod: "*Rabelais' 'nonliterary' nature, that is the nonconformity of his images to the literary norms and canons predominating in the sixteenth century and still prevailing in our times*" (2). Ang tradisyon ng folk humor kung saan nanggagaling ang mga akda ni Rabelais ay salungat sa literary norms, at mahalagang banggitin muli na ang mga norms na ito ay hindi lang pumapatungkol sa literary norms sa panahon ni Rabelais kung hindi pati sa panahon kung kailan nagsusulat si Bakhtin: ibig sabihin, maski sa literary norms ng ika-dalawampung siglo. At dagdag pa ni Bakhtin tungkol sa mga likha ni Rabelais: "*To be understood he requires an essential reconstruction of our entire artistic and ideological perception, the renunciation of many deeply rooted demands of literary taste and the revision of many concepts*" (3). "Unexplored" ang tradisyon ng folk humor at ang mga katangian at tunguhin nito sapagkat masasabing salungat sa establishment ang kanilang praktika. Ang mga karaniwang elemento at anyo nito – "*folk festivities of the carnival type, the comic rites and rituals, the clowns and fools, giants, dwarfs, and jugglers, the vast and manifold literature of parody*" (1984, 4) – ay taliwas sa mga aprubadong porma at imahen ng pagpapahayag sa Medieval na konteksto. Mahalaga ang pagiging kakatwa – nakakatawa man o nakakatuwa, ang mahalaga ay may diin sa pagmamalabis o exaggeration – ng mga anyong ito. Narito mismo ang lakas ng ganitong mga anyo. Dagdag ni Bakhtin: "*The basis of laughter which gives form to carnival rituals frees them completely from all religious and ecclesiastic dogmatism, from all mysticism and piety*" (1984, 7).

Ito ang konteksto ng pagkabuo ng ideya ng "carnival" na sa mga akda ni Rabelais ay ipinakita ni Bakhtin ang paggana. Ang carnival ay paggawa ng bagong espasyo, ng alternatibong karanasan sa gitna ng namamayaning kaaayusan noong Medieval na panahon. Sa halip na tumango sa pagseseryoso, konserbatismo at pagsupil sa anumang labis na ipinapanukala ng mga makapangyarihang relihiyosong institusyon, nagbigay-landas ang kulturang "folk humor" para sa mga alternatibong praktika at pakikisalamuha sa kapwa at sa

bandang huli ay mga alternatibong relasyon sa lipunan.

Sa unang malas ay masasabing nasa wangis ng carnival na basa ni Bakhtin kay Rabelais ang ideya ng Session in Bloom. Puno ng kasiyahan, siksikan ang mga tao, ang daming pwedeng tingnan o bisitahin sa paligid; ang daming pwedeng makadaupang-palad. Kalapit rin ng isang-linggong Session in Bloom ang kontemporaryong anyo ng carnival na Mardi Gras dahil sa temporal na limitasyon nito.

Tulad ng medieval na carnival at ng Mardi Gras, ang isinasakatuparan sa Session in Bloom ay suspensyon lamang at hindi iisang sostenido at may malayuang-tanaw na programa sa harap ng isang regularidad. Ngunit masasabing dito na nagtatapos ang pagkakahalintulad ng medieval na carnival na makikita sa mga gawa ni Rabelais at ang Session in Bloom na may pag-approximate sa anyo nito. Binanggit ni Bakhtin na ang gustong iangat na uri ng karanasan ng carnival ay "*opposed to all that was ready-made and completed, to all pretense at immutability, sought a dynamic expression; it demanded ever changing, playful, undefined forms*" (1984, 11). Samakatwid, kahit limitado ang panahon, nasusulit ito ng carnival na pyesta sa pamamagitan ng samu't-saring pakulo at gawain na siyang nagpe-perform ng ideya ng dinamismo at pagtuligsa sa mga nakupot o nakasanayan nang mga gawi at paniniwala sa namamayaning kaayusan. Sa kabilang banda, hindi ganito ang nagagagap sa Session in Bloom. Sa halip na suspensyon ng mga gumaganang batas o kaayusan ay ginagatungan pa ito ng sanlinggong pagsasara ng kalsada para sa hilera ng iba't ibang negosyo.

Lalo lang tumitindi ang paggana ng lohika ng kapital tuwing Session in Bloom. Kaugnay nito ang paglakas ng global na kapital sa lungsod na nakakaapekto naman sa lokal na kultura. Hindi maliit na ebidensya ng paghina ng lokal na bakas sa Session Road ang unti-unting pagsasara ng mga lokal na establisyimento na naging bahagi ng pag-usbong ng Baguio sa paglipas ng mga taon. Sa nakalipas na tatlong taon ay nagsara ang Star Cafe at ang Mandarin Restaurant na ilang dekada nang nakatayo sa Baguio. Kasabay naman nito ay ang pagsulputan ng mga establisyimento tulad ng Starbucks, McDo, Yellow Cab, 7 Eleven at Jollibee sa Session Road. (Ngayong taon, may tatlo nang Jollibee sa Session Road lamang at dalawa pa sa mga kalapit nitong kalsada).

Paano tinatanggap ng mga residente ang ganitong mga pagbabago? Nang inanunsyo ng Mandarin Restaurant noong bandang Oktubre 2014 na hanggang Disyembre 2014 na lang ang kanilang operasyon ay naglabasan ang mga himutok, pagtataka at pagkadismaya

ng mga suki nito na kalakhan ay mga lumaki sa Baguio o 'di kaya naman ay mga taga-baba na nagtagal na rito. Hindi maikakailang salik sa mga reaksyong ito – na halos kolektibo – ang personal at pangmatagalang pagdanas sa mga establisyimento, na sa pamamagitan ng pagdanas na ito ay naging personal na espasyo. Ang kaso lamang, malakas man ang ganitong reaksyon ay kalat at panandalian lamang. Madalas ay ibubunton sa social media o 'di kaya ay pag-uusapan nang kanya-kanya. Lalaganap ang pagpo-post ng kanya-kanyang litrato sa mga establisyimentong ito o 'di kaya at pagbabahagi ng mga paboritong “Mandarin” o “Star Cafe memories.” Sa ganang ito, ang mismong pag-alala ay nagiging anyo ng paglaban. Ngunit hindi kaya ito mas maituturing na pagtanggap na rin sa pagsasara/pagkawala ng aktwal na lunan? Tumitindi ang pangangailangang “isabuhay” sa alaala ang mga lokal na negosyo dahil mismo mawawala/nawala na ang pisikal na anyo nito. Porma ng paglaban ang pag-alala sa harap ng pisikal na pagkalaho ng inaalala. Subalit dapat tanungin, paano gagawing mas kongkreto ang paglabang ito? May nagagawa ang alaala ngunit matitigil ba nito ang pag-iral ng mga bagong ‘global’ na negosyo? Paano kokomprontahin ang paglipana ng global lampas sa pag-alala sa mga pinalitan nito? Narito ang hamon.

Ako naman at ang mga kaibigan ko na madalas tumambay sa Mandarin ay nagmukmok lamang din, matapos ang kaunting panahon ay magmo-move on; tahimik na tatanggapin na wala kaming magagawa (Naisip ba namin kahit sa mga sarili namin na may gawin?) Ang paghihimutok ay nagtatapos lamang din rito; hindi ito dumudulo sa kung anumang uri ng pagkilos. Sa literal na pag-iiba ng bihis sa mga espasyong ito ay naiiba ang pisikal na lunan na siya namang pumipigil sa pananatili ng alaala. Maiiwan na lamang ito sa isipan kasabay ng pagkawala ng pisikal na lunsaran nito.

Tuwing Session in Bloom, lumalapad lamang ang operasyon ng regular na kaayusan; lumalawak ang paggana ng kapital. Kung sa mga normal na panahon ay ang kaliwa at kanang lane lang ng kalsada ang nagsisilbing merkado, tuwing Session in Bloom, ang gitna ng kalsada na para sana sa trapiko ay inaalay rin para sa mga namumuhunan, sa mga negosyo. Wala itong seryosong tinatawanan; sa halip, kinikiliti at pinapatawa pa nito ang mga nakikinabang sa paglawak ng merkado. Ngunit ang mga nakikinabang ay hindi pare-pareho; ang paggana ng kapital ay walang iisang pinagmumulan. Kaakibat na punto: ang paggana ng kapital ay sumususog sa kumpetisyon, at tulad ng napasadahan na sa itaas, sa isang siyudad na Baguio na larawan na ng paggana ng global na merkado, ang tunggalian at ugnayan ng global at ng ‘di-global (pambansa, lokal, katutubo) ay nagiging mahalagang usapin.

ANG GLOBAL NA MERKADO AT ANG PRESENSYA NG LOKAL SA SESSION IN BLOOM

Sa Session in Bloom – pwede ring “tuwing” Session in Bloom” na nagpapakita ng halos pantay na kabig ng temporal at spatial na aspeto ng event na ito – nangingibabaw ang parang walang-puknat na pag-agos ng mga produktong handang-handang magpaangkin sa kahit sinong may gusto, magpaangkin sa kahit sinong may pambili. O kay banayad ng pag-agos na ito! At kabalintunaan naman na dahil isinara ang kalsada para sa mga sasakyan upang palawakin ang sakop ng komersyo, ay nagkakandarapa ang mga motorista sa paghagilap sa mga alternatibong ruta. Kapalit ng mas efficient sanang byahe mula Baguio Cathedral papuntang Otek ay ang kanya-kanyang claim ng “no preservatives” at iba pang gimik na kinakailangan sa madugong kompetisyon sa street market.

May mga interesante ring maaaring obserbahan sa mga toldang nakahanay tuwing Session in Bloom. Nariyan ang pagbebenta ng “authenticity” tulad ng Manang Joy’s Authentic Ilocos Empanada, na mahihinuhang pinagmumuhatan ang pagkalat ng – at higit pa rito, pagkawalang-bahala at patuloy na pagtangkilik sa -- iba’t ibang uri ng peke: mga peke sa Divisoria o Recto, mga pekeng cellphone o iPad at iba pa. Nariyan rin ang mga tulad ng JRED Arts and Crafts na nagbabalandrang “export over run” ang mga paninda. Export quality ba ang gustong sabihin? O imported (exported ng ibang bansa sa atin)? Ang mahalaga ay ang pagiging “overrun,” surplus na produkto na tulak na rin ng global na ekonomiya. May pwesto rin ang GTH Bulacan at Nueva Ecija Arts and Crafts. Hindi lang turista ang dumarayo sa Baguio tuwing Panagbenga; nariyan din ang mga namumuhunan.

At dito papasok ang usapin ng pagkakaiba ng pinanggagalingan ng kapital at ang mas malawak na usapin ng tunggalian at relasyon sa pagitan ng global at ng lokal. Madalas ginagamit ang mga salitang “melting pot” upang ilarawan ang Baguio – ang pagdadaupang-palad ng iba’t ibang kultura sa isang urban na sentro. Sa paglalarawang ito, mistulang banayad ang pagtatagpo ng magkakaibang kultura. Taliwas rito ang makikita araw-araw sa Session Road at lalo na tuwing Session in Bloom. Kung aayon sa lohika ng kapital, nagsasagupaan ang mga sapatos ng Marikina sa mga yaring burda sa Nueva Ecija. Kapareho nito ang kaso ng mga lokal na negosyo na naitaboy ng mga ‘global’ na establisyimento tulad ng Kebab, Starbucks, Yellow Cab at iba pa.

Ngunit paanong kung hindi naman pala dapat kabigla-bigla ang ganitong pangyayari?

Hindi lang tuwing Session in Bloom kung hindi sa mga ordinaryong araw sa Baguio makikita ang malawakang paggana ng kapital – malawakang paggana na nagpapatunay sa epekto ng globalisasyon sa lungsod. Mahalagang banggitin rito ang punto ng mga nakapanayam para sa pag-aaral. Sinabi ni JM Agreda, mamamahayag na matagal nang Baguio-based na ang Panagbenga sa pangkabuuan ay “isang hindi katutubong festival dahil ito ay hindi naman hinango sa mga katutubong pagdiriwang noong araw.” Dinagdag pa niya na “nangingibabaw ang kulturang Western at lowland sa mga pinapakita dito dahil ang organizers are firm on their beliefs that the SRB (Session Road in Bloom) and the Panagbenga mismo ay hindi isang Cordillera festival. Malaking tulong rin ang historikal na puna ni Maricar Docyogen, maliit na negosyante at may-ari ng Bookends Bookshop na may maituturing na dalawang ‘branch’ sa lungsod. Aniya, *“In 1995, the Bases Conversion Development Authority came out with a campaign to boost tourism in the city, and as a final solution to the city’s problem still reeling from the 1990 killer earthquake.”* Sinabi rin ni Miss Docyogen na *“this is an effort to promote Baguio as a tourism center in the country.”*

Dalawang punto: Una, hindi lang katutubong kultura ang ibinibida tuwing Panagbenga at Session in Bloom dahil nga ang Baguio ay dati pa naman g“melting pot”ng maraming kultura at mga tao. Habang maituturing na rehiyonal na sentro ang lungsod (hindi lang sa Cordillera kung hindi sa buong Norte) ay matatawag din itong global na lungsod (maliban sa presensya ng mga global na establisyimento tulad ng nabanggit na ay nariyan rin ang lumalaking bilang ng mga foreign student). Pangalawa, at karugtong rin ito ng una, masasabing ang pag-engganyo sa touristic potentials ng lungsod – kasama na ang pagbuo sa Panagbenga Festival noong 1995 – ay isang hakbang tungo sa paglakas ng global na kapital dito. Ngayon, hindi na lang sa turismo makikita ang pakikilahok ng lungsod sa daloy ng global na kapital; makikita na rin ito sa edukasyon at iba pang sektor tulad ng pagkain.

Lumilipad ang kapital, mula isang kontinente patungong isa pa. Lahat ay sinasakop nito: mula sa mga dating kolonya hanggang sa mga pinakatuktok na lungsod na nalilito kung tatawagin (pa) ba nito ang sarili nito bilang “katutubo.”

PAGKONSUMO SA PANAHOON NG GLOBALISASYON

Hindi ba ito dapat ipagbunyi? Sa paglakas ng epekto ng globalisasyon ay pagtindi rin naman ng liberal na ideolohiya na pumuputak ng pagkakapantay-pantay at kalayaan (free

market, free competition). Nahatid na natin sa taas kung paanong natataboy ang lokal sa paglakas ng global. Mabilis na napabulaanan ang pagbubunyi sa pagkakapantay-pantay. Ang 'malayang' kumpetisyon ay hungkag. Dapat pa ngang problemahin ito: bakit kumpetisyon ang pinapaborang uri ng relasyon? Hindi ba maaaring bigyang-pansin ang pagtutulungan?

Sa Session in Bloom, kahit papaano ay may mga munting matatanaw na ganito: may ilang pagsusumikap na maksimahin ang paglawak ng espasyo at magsagawa ng mga paglalaro rito, mga gawaing hindi primarya o walang layuning tumubo. Regular na makikita halimbawa sa Upper Session sa baba ng Baguio Post Office tuwing Session in Bloom ang mga local artist na nagtitipon-tipon at paminsan-minsa'y tumutugtog o nagtatanghal. Ang maganda rito, maaaring makilahok ang mga nagdadaan sa ginagawa -- lalo na sa pagtugtog ng at pagsayaw sa jemba, isang katutubong uri ng tambol -- ng mga nakatambay rito. Naalala ko ang sinabi ni Malcolm Miles tungkol sa paralelismo ng "community participation" sa pagdidisenyo ng mga espasyo sa lungsod at ng "art which engages with defined publics in participatory work" (Miles 1997, 120). Hawig sa ideyang ito ang nakakamit ng munting espasyo ng mga artist sa Upper Session kung saan pwedeng makabuo ng isang komunidad kasama ang mga nagdadaan kahit sandali. Mas bukas ang mga posibilidad sa kaso ng pagse-setup ng art space sa Session in Bloom: hindi ganoon ka-defined ang publikong makikisali at ang gagawin – kahit sino pwede -- at hindi kasing-sustenido tulad ng tinutukoy ng mga salitang "participatory work." Ang ilang minutong pagsasayaw sa tambol ng jemba ay madalas magtatapos na lamang doon; bihirang ang mga kaso kung saan mapapasama sa grupo o kolektibo ng artists ang 'napadaang' kalahok. Sa isang linggong pagbubukas ng kabuuan ng Session Road para sa mga tao, may mga gumagamit rin naman ng espasyo maliban sa adhikaing magnegosyo.

Ngunit uulitin: ito ay mas eksepsyon sa mas malawakang umiiral. Dumarami ang posibilidad ng mga maaaring gawin ngunit kakaunti lang ang gagawa ng mga bagay na walang layuning kumita. Lumalawak nga ang "prescribed paths" ngunit hindi ito ganap na itinatakda ng mga taong gumagamit sa espasyo. Lumalawak ang "freedom of movement" ngunit kulang pa rin sa "freedom to move through space, to move as far as you want, in new and unexplored directions" (4). Ang "bagong" ine-explore ay luma na talaga: mga bagay na ipinagbibili. Maliban pa rito, hindi naman tunay na kaaya-aya ang kalagayang dinaratnan ng mga naglalakad. Lumawak ang malalakaran ngunit masikip pa rin dahil sa umpugan ng mga tolda at ng mga naglalakad-kumokonsumo. Sa huli, sa halip na pagtutulungan o pagsasayaw nang sama-sama sa saliw ng jemba, pag-uungusan ang sinususugan ng Session in Bloom

– nag-uungusan, nag-uunahan, nagsisiksikan ang mga namimili, nagpapaligsahan rin ang mga negosyante.

Hindi na ito ang pamilihang kinahumalingan ni Walter Benjamin noong simula ng nakaraang siglo. Sa “The Writer of Modern Life,” sinabi ni Benjamin na “The labyrinth is the right path for the person who always arrives early enough at this destination. This destination is the marketplace” (2006, 145).

Hindi pa antagonistiko ang pagturing sa merkado, sa pamilihan. Para pa nga kay Benjamin, nakakalugod ang ‘mawala’ sa labyrinth na ito. Iba rin ang pagturing sa oras, sa panahon; hindi pa kagaya ng kasalukuyan kung saan ang nanosecond ay may katumbas na dolyar o kung anumang unit ng productivity o economic growth. Hindi isyu ang oras na gugugulin. Hindi isyu kung mawala sa pamilihan at “magsayang” ng oras. Mahina pa ang konsepto ng nasayang na oras. Kabaligtaran pa nga ang basa kong pasaring ni Benjamin: kailangang gugulin nang maayos, kung hindi man kalimutan ang oras ‘pag nasa pamilihan. Busisiin ang mga produkto – bawat isa; busisiin ang laki ng mga ito, ang hugis, ang anyo, ang kulay, ang bigat. Dahil hindi pa ganun kagarapalan ang galawan sa pamilihan, nagawa pa ni Benjamin na tratuhin ito bilang inspirasyon ng kanyang mga pagmumuni-muni, pagpapasigla ng kanyang “life of the mind.” Maaaring kahinaan ito, maaari ring kalakasan. Sa halos pagwaksi sa ekonomikong dimensyon ng mga produktong inaalok sa pamilihan, para nya na ring tinalikuran ang lakas-paggawa na binuhos para mayari ang mga produkto, ang prosesong pinagdaanan upang maging finished goods ang mga ito. Pero kasabay rin ito, tinalikuran nya rin ang status ng mga produkto bilang commodity, bilang mga bagay na maaaring bilhin, maaaring angkinin.

Mahina pa ang pwersa ng reipikasyon na tumindi nang humusay pa ang moda ng produksyon para ang mga produktong gawa sa isang bansa ay mapunta sa ibang bansa nang halos walang oras na lumipas. Pinansin ni Jameson ang impluwensya ng ganitong pagbabago sa sistemang panlipunan sa modernong panitikan: “*And what is true of overall social organization is all the more visible in the individual commodities of a given society, in the various objects and products among which the characters move: the chairs and motorcycles, the food, houses, and revolvers which are no longer felt as the results of immediate human activity, which inhabit the work like so much dead furniture*” (1971, 167-8).

Sa Session in Bloom, may mga produkto galing Marikina, Bulacan, Nueva Ecija at iba

pang panig ng bansa at nang tumambad ito sa aming mga naglalakad sa Session in Bloom, may panahon pa ba para usisain ang prosesong pinagdaanan ng mga bagay na ito? Mas maiging tingnan na lamang ang samu't-saring bagay na ito bilang mga "dead furniture." Hindi ba nakaayon ito sa ideolohiya ng pagkonsumo, sa pag-aangkin ng mga bagay? Walang buhay, walang laban ang mga produkto, naghihintay lamang ito ng kokonsumo, aangkin sa mga ito, magbibigay-buhay o halaga rito. Kalimutan na kung paano ginawa ang mga ito; problemahin kung paano makokonsumo, mabibili.

Kasabay ng paghina ng atensyong binibigay sa paggawa ay ang sobrang atensyong binibigay sa pagkonsumo. May mga makahulugan ring pagkukumpara sa nagbabagong relasyon ng dalawang ito. Sinabi halimbawa ni Zygmunt Bauman na ang pumalit sa dating primacy ng sama-samang paggawa ng mga produkto ay ang sama-samang pagkonsumo. Pero may mahalagang kaibahan ang dalawa: sa sabay-sabay na paggawa, ramdam pa ang pagkatali ng isa sa lahat ng iba pa. Kita ito sa kaso ng assembly line na moda ng paggawa kung saan alam mong ang inaasikaso mong tela halimbawa ay kunektado sa inaasikaso namang zipper ng iba mong kasama. Sa dila ni Bauman, "Producers are together even they act apart. The work of each one can only gain from more inter-individual communication, harmony and integration" (2005, 30). Pero sa pagkonsumo, wala na ito. Kung bibili ka ng jeans, #relate ba dun ang katabi mong stranger na tumitingin naman ng blouse? Kumbaga sa contemporary parlance, wapakels sya sa'yo; sa dila namang muli ni Bauman, "Consumers are alone even when they act together" (2005, 31). Wala na ba tayong maaaring tunguhin maliban sa pagkonsumo at pag-iisa?

PANAWAGAN PARA SA BAGONG URI NG PAGKONSUMO

Sa huli, maliban sa pagpupunto sa laganap na pagkonsumo ay maaari ring magpalaganap ng panibagong uri o kahulugan ng pagkonsumo – hindi ito pang-ekonomikong pagkonsumo na lang kung hindi pagkonsumo na nasa larangan ng kahulugan at pang-unawa, kung hindi man mas reflexive na praktika.

Sa pag-unawa, hindi lang sa Session in Bloom kung hindi sa mga pangyayari at sa mga espasyo kung saan sila nagaganap sa kabuuan, mahalaga ring suriin kung paano dinadanas ang karanasan at ginagalugad ang espasyo. Katabi ito at hindi kapalit ng matuturing na mas

pormal na analisis na hindi naman dapat maalis sa anumang tangkang magpakahulugan sa mga bagay.

Sa proseso ng pag-aayos ng papel na ito, sinubukan kong pakapalin ang bahagi kung saan maisasama ang saloobin ng ibang taong dumanas na rin ng Session in Bloom. Maaaring maging tuntungan ang mga tinuran nila upang makapagbukas ng mga bagong usapin o 'di kaya ay makapagdagdag-perspektiba sa mga una nang natalakay. Pinansin halimbawa ni Mr. Agreda "ang maling zoning" tuwing Session in Bloom "na hindi naisasaayos ayon sa kung saang probinsya nanggaling ang isang produkto. May mga stalls na halu-halo ang produkto. Kung minsan ay napapaburan din ang mga businesses ng HRAB (Hotels and Restaurants Association in Baguio) dahil ang kanilang businesses ay nakalagay sa mga mataas ang foot traffic na areas ng Session Road gaya ng Upper Session Road." Maaaring pagmulan ang pahayag na ito upang lalong pagtibayin at usisain ang ideya ng "pagkakapantay-pantay" sa liberal na kumpetisyon. Binanggit rin ni Mr. Agreda bilang kakulangan ng Session in Bloom na walang konsyerto o "isang gabi na nakalaan sa purong Cordilleran dances, songs at performances." May pahiwatig ng paniniwala sa ideya ng "purong" katutubo gayundin sa pagkabura nito sa Session in Bloom.

Nabanggit naman ni Miss Docyogen na noong 2014, sinubukan niyang lumahok sa Session in Bloom ngunit hindi ito naaprubahan dahil raw hindi pang-turista ang Bookends. Maaari pang mapalalim ang usaping ito: ano ang criteria sa pagpili ng mga makakalahok na negosyante sa Session in Bloom, paano nakikita ng maliliit na negosyante ang sarili nila kaugnay ng sanlinggong pagsasara ng kalsada, paano nila nakikita ang lagay ng kumpetisyon sa panahong ito?

Ang mismong pagsubok ni Miss Docyogen ng Bookends na lumahok sa Session in Bloom ay pagpapakita sa iba't-ibang uri at antas ng pakikilahok sa Session in Bloom. Simplistiko ang pagtingin na maaaring isa ka lang negosyante o konsumer pagdating ng Session in Bloom. Ang karanasang binubuksan ng Session in Bloom ay masyadong malawak upang malimitahan ang maraming lumalahok at dumaranas nito sa dalawang kategorya. Iba-iba ang relasyon ng bawat kalahok sa Session in Bloom at magkakaiba rin ang pag-unawa nila sa pakikilahok na ito. Dapat itong isalang-alang sa bawat pagsusuri at pag-intindi. At matapos pa nito, mas mainam kung magkakarinigang ang mga pananaw at mabibigyan ng pagkakataong mag-usap at magkatalaban.

Sumisidhi ang pagdaloy ng kapital, at sa harap nito, hindi tayo mga tamemeng konsumer lamang. Sa *Session in Bloom*, nagmumukhang suspendido ang normal na kaayusan ngunit hindi ang lagi't-laging nariyang posibilidad na makabuo ng mga solido kung hindi man alternatibong kahulugan. Kailangan lang pag-isahin ang mga kahulugan na ito – tungo na rin sa alternatibong pagsasagawa at pagsasaayos hindi lang ng sanlinggong *Session in Bloom* kung hindi pati na rin ng ating araw-araw na buhay.

MGA SANGGUNIAN

- Bakhtin, Mikhail. 1984. *Rabelais and His World*, trans. by Helene Iswolsky. Bloomington: Indian University Press.
- Bauman, Zygmunt. 2005. *Work, Consumerism and the New Poor*, 2nd ed. Berkshire: Open University Press.
- Benjamin, Walter. 2006. *The Writer of Modern Life: Essays on Charles Baudelaire*, ed. Michael W. Jennings. Cambridge and London: The Belknap Press of Harvard University Press.
- CrimethInc. Workers' Collective. 2001. *Days of War, Nights of Love: Crimethink for Beginners*. Canada: CrimethInc. Free Press.
- Jameson, Fredric. 1971. *Marxism and Form: Twentieth-Century Dialectical Theories of Literature*. Princeton: Princeton University Press.
- Miles, Malcolm. 1997. *Art, Space and the City: Public Art and Urban Futures*. London: Routledge.